**2022 (Ika-2 Bahagi) Sistema ng Pagkonsumo ng *Voucher***

**Impormasyong mga dapat tandaan tungkol sa Sistema**

Sa ilalim ng 2022 (Ika-2 Bahagi) Sistema ng Pagkonsumo ng *Voucher* o *Consumption Voucher Scheme* ("ang *Scheme*"), ang elektronikong pagkonsumo ng mga *voucher* na may kabuuang halaga na $10,000 / $5,000 ay ibabayad sa bawat karapat-dapat na tao nang hulugan (*instalments*) kung saan ipinapalagay na mapapalakas ang lokal na pagkonsumo, upang mapabilis ang pagbangon ng ekonomiya at maisulong ang paghusay ng ekonomiyang *digital*.

**<u>Mga Kriterya para sa Pagkakarapat-dapat</u>**

Kailangang makatugon ang nagparehistro o *registrant* sa mga kriterya sa ibaba [Note1] -

(A) ang edad ay 18 o pataas sa o bago ang Hunyo 13, 2022; at

(B) sa pagsapit ng Hunyo 13, 2022,

(i) isang permanenteng residente ng Hong Kong na may balidong Hong Kong *Permanent Identity Card* ("HKPIC")[Note 2] o isang balidong *Certificate of Exemption* ("EC") na ini-isyu ng *Commissioner of Registration* sa ilalim ng *Registration of Persons Regulations*, Cap. 177A; o

(ii) isang residente ng Hong Kong na may balidong Hong Kong *Identity Card* ("HKIC")[Note 2] o EC na ini-isyu ng *Commissioner of Registration* sa ilalim ng *Registration of Persons Regulations*, Cap. 177A, na pumunta sa Hong Kong na ang ginamit ay ang Permiso upang Makapunta sa Hong Kong at Macao (*Permit for Proceeding to* Hong Kong *and* Macao – karaniwang kilala bilang "*One Way Permit*") o, may balidong permiso na manatili sa Hong Kong[Note 3] bilang isang umaasa na itinataguyod ng (B)(i) sa itaas; o

(iii) ayon sa Dapat Tandaan 4 , isang residente ng Hong Kong na mayroong isang balidong HKIC[Note 2] o EC na ini-isyu ng *Commissioner of Registration* sa ilalim ng *Registration of Persons Regulations*, Cap. 177A, na mayroong balidong permiso na manatili sa Hong Kong[Note 3] at hindi kasali sa mga uri ng tao na tinukoy sa (B)(ii) sa itaas; at

(C) hindi pa permanenteng umalis mula sa Hong Kong at wala pa ring naturang intensyon [Note 5].

[Dapat Tandaan 1: Nakalaan sa Hong Kong *Special Administrative Region Government* ("Pamahalaan" o "*Government*") ang karapatan na magdesisyon kaugnay ng pagkakarapat-dapat ng mga nagparehistrong indibidwal pagkatapos na isaalang-alang ang tukoy na kriterya (iyon ay, kriterya (A) hanggang (C)) at anupamang iba pang mga salik na nauugnay sa mga nagparehistrong indibidwal na itinuturing ng Pamahalaan na nauukol para sa layunin ng 2022 *Consumption Voucher Scheme* ("*Scheme*") (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagtitiyak ng wastong paggamit ng mga pampublikong pondo, pagpigil sa pag-abuso sa *Scheme*, at pagpigil sa anumang pagbabalik ng bayad na magiging salungat sa anumang naaangkop na mga probisyon o iniaatas ng batas).]

[Dapat Tandaan 2: Ang isang nagparehistro ay itinuturing din na nakakatugon sa kriteryon (B) sa pagsasaalang-alang ng dokumentaryong katibayan kaugnay ng HKPIC o HKIC kung hawak niya ang isang kinikilalang aplikasyon para sa HKPIC o HKIC (iyon ay, ROP140/ROP140A) na nakapaloob sa isang balidong panahon ng koleksyon. Para sa layunin ng *Scheme*, ang HKIC ay tumutukoy sa isang *identity card* na may mga salitang "*Hong Kong Identity Card*" sa harapan ng *card*.]

[Dapat Tandaan 3: Para sa layunin ng *Scheme*, ang "balidong permiso na manatili sa Hong Kong" ay nangangahulugan ng permiso sa ilalim ng *Immigration Ordinance*, Cap. 115 na manatili sa Hong Kong, maliban sa pahintulot na

manatili sa Hong Kong bilang mga bisita.]

[Dapat Tandaan 4: Ang sumusunod na mga tao, bagaman mga tao na residente ng Hong Kong na may balidong HKIC o EC na ini-isyu ng *Commissioner of Registration* sa ilalim ng Cap. 177A (kung naaangkop) na may balidong permiso na manatili sa Hong Kong, ay hindi karapat-dapat para sa *Scheme* -

- sinumang tao na inempleyo bilang isang manggagawang nakapailalim sa isang kontrata mula sa labas ng Hong Kong sa ilalim ng isang importasyon ng *scheme* ng paggawa; o
- sinumang tao na inempleyo bilang isang domestikong katulong mula sa labas ng Hong Kong; o
- sinumang tao na isang miyembro ng *consular post* sa loob ng kahulugan ng *Consular Relations Ordinance*, Cap. 557; o
- sinumang tao na isang miyembro ng Hong Kong *Garrison*; o
- sinumang tao na mayroong isang pinapayagang dokumentong pang-biyahe ng *Central People's Government*.]

[Dapat Tandaan 5: Para sa layunin ng *Scheme*, sa pagdedetermina kung ang isang tao ba ay permanente nang umalis mula sa Hong Kong o may naturang intensyon, isasaalang-alang ng Pamahalaan ang, subalit hindi naman limitado sa, sumusunod na mga salik -

(a) kung ang tao ba ay tuloy-tuloy na wala sa Hong Kong sa panahong nagsimula sa Hunyo 18, 2019 hanggang Hunyo 12, 2022, at kung gayun, kung sa naturan bang panahon, siya ay:
   (i) isang tumanggap ng tulong sa ilalim ng *Portable Comprehensive Social Security Assistance Scheme*, ng *allowance* sa ilalim ng Guangdong *Scheme*, o ng *allowance* sa ilalim ng Fujian *Scheme*;
   (ii) nag-aaral sa isang paaralan/unibersidad sa labas ng Hong Kong na kinikilala ng kinauukulang awtoridad;

(iii) isang kalahok sa *Working Holiday Scheme* na pinamahalaan ng Departamento ng Paggawa (*Labour Department*);

(iv) naospital sa labas ng Hong Kong dahil sa mga kadahilanang medikal;

(v) ginagampanan ang mga tungkulin sa labas ng Hong Kong para sa Pamahalaan o para sa isang kompanya/organisasyon na nasa Hong Kong sa pansamantalang batayan*; o sinasamahan ang isang malapit na miyembro ng pamilya na ginagampanan ang mga naturang tungkulin; at/o

(vi) may iba pang natatanging (mga) dahilan ayon sa maaaring pagpasyahan ng Pamahalaan bilang balido para sa layunin ng *Scheme*; at

**Para sa layunin ng Scheme, nangangahulugan ito na ang tao ay inempleyo ng isang kompanya o organisasyon na nasa Hong Kong at pansamantala nang naipadala upang magtrabaho sa labas ng Hong Kong, at mayroong intensyon na bumalik sa Hong Kong pagkatapos na maipadala.*

(b) kung noon o bago ang Hunyo 13, 2022, ang naturang tao ay nakapagsumite na ng anumang balidong mga kahilingan kaugnay ng mga hain para sa pagkuha ng kanyang mandatoryong pondong inasikaso ng pamahalaan (*mandatory provident fund* - “MPF”) o mga benepisyo sa ilalim ng hindi isinaling *Occupational Retirement Schemes* ng MPF bago naging 65 taong gulang ayon sa pagsasaalang-alang ng permanenteng pag-alis mula sa Hong Kong sa ilalim ng lehislasyon ng MPF; at

(c) kung sa Hunyo 13, 2022, ang naturang tao ba ay mayroong isang balidong HKPIC at ang lokal ang nag-isyu kung siya ay isang permanenteng residente ng Hong Kong; at

(d) kung mayroon bang anumang ebidensiya o impormasyon batay sa paniwala ng pamahalaan na ang naturang tao ay walang intensyong bumalik sa Hong Kong sa nakikini-kinitang hinaharap.]

**<u>Halaga ng *voucher*</u>**

| | **Mga nagparehistro na nakatugon sa kriterya sa pagkakarapat-dapat (A); (B)(i) o (B)(ii); at (C)** | **Mga nagparehistro na nakatugon sa kriterya sa pagkakarapat-dapat (A); (B)(iii); at (C)** |
|---|---|---|
| **Mga karapat-dapat na nagparehistro na binayaran na ng mga *voucher* sa ilalim ng 2022 *(Phase 1) Consumption Voucher Scheme*** | $5,000 | Walang *voucher* na ibabayad sa ilalim ng *Scheme* na ito |
| **Mga karapat-dapat na nagparehistro na hindi pa binayaran ng mga *voucher* sa ilalim ng 2022 *(Phase 1) Consumption Voucher Scheme*** | $10,000 | $5,000 |

**<u>Rehistrasyon, koleksyon at paggamit</u>**

Makokolekta ng karapat-dapat na mga tao ang mga *voucher* sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na *Stored Value Facilities* (“mga SVF”): Alipay HK, BoC Pay, Octopus, PayMe mula HSBC, Tap & Go at WeChat Pay HK.

***Rehistrasyon***

Para sa mga nagparehistro na tagumpay na nakapagparehistro sa ilalim ng 2021 *Consumption Voucher Scheme*, maliban na lamang kung gusto nilang amyendahan ang mga datos ng kanilang rehistrasyon (kabilang ang *account* sa SVF para sa pagtanggap ng mga *voucher*), hindi nila kailangang magparehistro ulit at awtomatiko nilang tatanggapin ang kaukulang mga *voucher* sa pamamagitan ng kaparehong *account* sa SVF pagkatapos na ang kanilang pagkakarapat-dapat ay nakumpirma na. Kung gusto nilang amyendahan ang mga datos ng rehistrasyon o kung hindi pa sila tagumpay na nakapagparehistro para sa 2021 *Consumption Voucher Scheme*, maaari silang magparehistro nang *on-line* sa panahon ng Hunyo 23 hanggang Hulyo 23 sa pamamagitan ng *central registration portal* sa *website* ng *Scheme* sa (www.consumptionvoucher.gov.hk) o sa isa sa mga pansamantalang sentro ng sa serbisyo (Mangyaring tumawag sa 18 5000 upang magtakda ng pakikipagkita o *appointment* bago bumisita sa mga sentro ng serbisyo).

***Koleksyon***

Ang nagtagumpay na mga nagparehistro na ang pinili ay Octopus ay makakakolekta ng mga *voucher* para sa pagkonsumo sa pamamagitan ng sumusunod na mga makukuhanan:

1. Mga *Subsidy Collection Point* na makikita sa mga istasyon ng MTR, mga sentro ng serbisyo ng tren, mga itinalagang *interchange* ng pampublikong sakayan at mga itinalagang pantalan ng *ferry*;
2. Lahat ng 7-Eleven, Circle K, Wellcome, Market Place by Jasons, Market Place, 3hreesixty at Jasons ichiba;
3. Octopus *Service Points*; at
4. Octopus App.

Para sa nagtagumpay na mga nagparehistro na ang pinili ay Alipay HK, BoC Pay, PayMe mula HSBC, Tap & Go at WeChat Pay HK, ang mga *voucher* para sa pagkonsumo ay idedeposito nang direkta sa nakarehistrong *account* sa SVF.

***Paggamit***

Ang mga *voucher* para sa pagkonsumo ay magagamit sa *local retail*, *catering* at mga *service outlet* o sa kanilang mga platapormang *online*. Hindi kasali ang sumusunod na mga transaksyon:

- mga bayad sa pamahalaan (halimbawa, buwis, mga multa, mga bayarin sa lisensiya, mga bayarin sa lagusan, mga metro sa pagparada)
- mga bayad sa mga pampublikong utilidad (iyon ay tubig, kuryente at gas)
- mga bayad sa mga pampublikong organisasyon (halimbawa, Hospital Authority, Hong Kong *Housing Authority*, Hong Kong *Housing Society*)
- mga gastos para sa edukasyon (iyon ay mga bayad para mga paaralang primarya at sekundarya na nagkakaloob ng lokal at hindi lokal na kurikulum, at mga unibersidad na pinopondohan ng UGC)
- pagbili ng mga produkto o serbisyong pinansiyal (halimbawa, insyurans)
- donasyon (kabilang ang para sa kawanggawa, mga organisasyong panrelihiyon o pampulitika)
- mga direktang pagbili mula sa mga nagtitinda na nasa labas ng Hong Kong (kabilang ang mga pagbili sa *online* sa pamamagitan ng mga hindi lokal na platapormang *online* na ginawa nang lokal)
- tao-sa-tao na mga pagbabayad
- pagpa-*encash*

## **Panahon o *Timetable***

***Ang mga karapat-dapat na nagparehistro na tumanggap ng mga voucher sa kabuuang halaga na $5,000***

*Octopus*

| |
|---|
| **Unang *voucher* ($2,000)** |
| Agosto 7 |
| **Pangalawang *voucher* ($2,000)** |
| Oktubre 1 |
| **Pangatlong *voucher* ($1,000)** |
| Disyembre 16, 2022<br><br>(kung ang kabuuang karapat-dapat na paggasta ay umabot sa $4,000 sa Nobyembre 30, 2022)<br><br>o Enero 16, 2023 / Pebrero 16, 2023 / Marso 16, 2023 / Abril 16, 2023 (kung ang kabuuang karapat-dapat na paggasta ay umabot sa $4,000 sa Disyembre 31, 2022 / Enero 31, 2023 / Pebrero 28, 2023 / Marso 31, 2023) |

Ang mga *voucher* ay kailangang makolekta sa Setyembre 30, 2023.

*AlipayHK, BoC Pay, PayMe from HSBC, Tap&Go, WeChat Pay HK*

| **Petsa ng pagbabayad** |
|---|
| **Unang *voucher* ($2,000.00)** |
| Agosto 7 |
| **Pangalawang *voucher* ($3,000)** |
| Oktubre 1 |

Ang mga voucher ay mawawalan ng bisa sa Pebrero 28, 2023.

***Ang karapat-dapat na mga nagparehistro na tumanggap ng mga voucher na may kabuuang halaga na $10,000***

*Octopus*

| |
|---|
| **Unang *voucher* ($3,000)** |
| Agosto 7 |
| **Pangalawang *voucher* ($3,000)** |
| Oktubre 1 |

| **Pangatlong *voucher* ($3,000)** |
| --- |
| Disyembre 1 |
| **Pang-apat na *voucher* ($1,000)** |
| Pebrero 16, 2023<br><br>(kung ang kabuuang karapat-dapat na paggasta ay umabot sa $9,000 sa Enero 31, 2023)<br><br>o Marso 16, 2023 / Abril 16, 2023 / Mayo 16, 2023 / Hunyo 16, 2023 (kung ang kabuuang karapat-dapat na paggasta ay umabot sa $9,000 sa Pebrero 28, 2023 / Marso 31, 2023 / Abril 30, 2023 / Mayo 31, 2023) |

Ang mga *voucher* ay kailangang makolekta sa Setyembre 30, 2023.

*AlipayHK, BoC Pay, PayMe from HSBC, Tap&Go, WeChat Pay HK*

| **Petsa ng pagbabayad** |
| --- |
| **Unang *voucher* ($3,000)** |
| Agosto 7 |
| **Pangalawang *voucher* ($3,000)** |
| Oktubre 1 |
| **Pangalawang voucher ($4,000)** |
| Disyembre 1 |

Ang mga *voucher* ay mawawalan ng bisa sa Abril 30, 2023.

**Mga Tanong**

Mangyaring tumawag sa *hotline* ng *Scheme* sa 18 5000. Kung kailangan ninyo ng serbisyong interpretasyon ng CHEER upang makipag-ugnayan sa mga kawani ng *hotline* ng *Scheme*, mangyaring kontakin ang *hotline* ng CHEER sa 3755 6855.